여러분은지금인생에서
특별한상황을맞이하고있습니다.
Ikaw ngayon ay magsisimula
ng isang 'di-pangkaraniwang paglalakbay.

이혼이라는터널에들어가고
또빠져나오는긴시간은
Ang mahaba at madilim na daang
tinatawag na “diborsiyo”

00:00:21:23
(이태수
부장판사/
서울가정법원)
*(Lee Tae-Soo,
Hukom Tagapamahala/
Korteng Pampamilya ng Seoul)

누구에게나혼란스럽고
힘들고고통스럽게느껴집니다.
ay laging nakalilito sa kalooban—
ito’y mahirap at masakit.

마치롤러코스터를타는것처럼
오르내리는감정의기복을
경험하죠순간
Para itong pagsakay sa isang *rollercoaster*
na may emosyonal na pagrurok
at pagbulusok.

한순간마음이진정되다가도
다시금불안해지거나
슬퍼지거나
Maaaring maging payapa sa isang sandali
para lamang makaranas ng
lungkot sa isa pa.

때론말할수없는
좌절감에휩싸이기도합니다.
Minsan, maaari kang
mapuspos ng kawalang-pag-asa.

그러면여러분이겪는힘겨운시간은
여러분의자녀들에게어떻게다가올까요?
Ngayon, isipin ang daranasin ng mga anak
sa ganitong panahon ng paghihirap.

나한테왜이런일이생기는거지?
내가뭘잘못한걸까?
Maaari nilang isipin, “Ba’t ito nangyayari?
Anong nagawa kong kasalanan?”

난누구랑살아야하지?
엄마아빠를앞으로못보게되면어쩌지?
Kanino ako titira? Paano kung
‘di ko na muling makita si inay o itay?

학교는? 내친구들은?
나는앞으로어떻게되는걸까?

Paano ang aking pag-aaral? Mga kaibigan?
Anong mangyayari sa akin?

우리부모들만큼아니그이상으로
자녀들도어려운시기를
겪고있습니다.
Daranas ng paghihirap ang mga bata.
Malamang higit
pa sa kanilang mga magulang.

우리는이혼과정에서
아무리힘들더라도
먼저자녀들을
바라보고
Maaaring maging mahirap ang
diborsiyo sa iyo
pero dapat mong
unahin ang iyong mga anak,

자녀들이부모의이혼을잘적응하고
건강하게성장할수있도록지켜줘야합니다.
tulungan silang makayanan ang diborsiyo
at tulungan silang lumaki nang mahusay.

이영상은여러분이
"사랑하는자녀들을
이혼의부정적영향으로부터지켜내고
이혼이후의새삶에성공적으로
적응할수있도록"
돕기위해제작되었습니다. (대사+자막)
Ang bidyong ito ay
ginawa upang tulungan kang
protektahan ang iyong mahal na anak
mula sa masasamang epekto ng diborsiyo
at upang tulungan kang magtagumpay
sa iyong bagong buhay matapos nito.

자이제이혼부모들과
자녀들을함께
만나보시죠
Kilalanin natin ang
mga magulang na dumaraan
sa diborsiyo, at ang kanilang mga anak.

또술먹었어? (대사+자막)
Lasing ka na naman?

또잔소리야? (대사+자막)
Anong pakialam mo?

싸우지마!(대사+자막)
Huwag kayong mag-away!

장은아(5세)
부모가양육권
분쟁중(자막만)
Jang Eun-Ah (limang taong gulang)
Pinagtatalunan ng
mga magulang ang kustodiya.

엄마가왜안들어오지? (대사+자막)
Bakit hindi na umuuwi si inay?

나때문인가봐~(대사+자막)
Baka dahil sa akin.

강준우
(9세/초2)
부가모의면접교섭불허(자막만)
Kang Joon-Woo
(siyam na taong gulang/*Grade2*)
'Di payag ang amang makita ito ng ina.

아빠,
진짜아빠자격없어
엄마만불쌍해(대사+자막)
Itay, hindi ka karapat-dapat
maging ama.
Nalulungkot ako para kay inay.

최수영
(17세/고1)
부가모에게 1년째양육비미지급
면접교섭불이행(자막)
Choi Soo-Young
(17 taong gulang/*1st year high school*)
Isang taon nang hindi nagbibigay ng suporta
at hindi bumibisita ang ama.

2:35
캠프당일(자막)
Ang Araw ng Kamp

이혼과정에있는
부모와자녀들을위한
1박2일의캠프가열렸습니다.
Ito'y isang gabi't dalawang araw na kamp
para sa nagdidiborsiyo
at kanilang mga anak.

강준우(자막)
Kang Joon-Woo

김민영
재판이혼중
남편의면접교섭불허(자막)
Kim Min Young
Sumasailalim sa paglilitis ng diborsiyo
Ipinagkait ng asawa ang bisitasyon

이영희장은아장철수
재판이혼중아이를서로키우겠다며
양육권분쟁중(자막)
Lee Young-Hee Jang Eun-Ah Jang Chul-Soo
Nasa gitna ng
pagtatalo sa kostudiya

아빠빨리와(대사+자막)
Itay, bilisan mo.

최수영최정훈최준영
숙려기간중
아빠가 1년째
양육비미지급
Choi Soo-Young Choi Jung-Hoon Choi Jun-Young
Sumasailalim sa deliberasyon
Isang taon nang hindi
sinusuportahan ng ama

오기싫었는데억지로왔어요(대사+자막)
Ayokong sumama, napilitan lang ako.

왜요?(대사+자막)
Bakit?

아빤우릴버렸어요
아빠랑말도하기싫어요(대사+자막)
Iniwan kami ng itay.
Ni ayokong makipag-usap sa kanya.

캠프당일(자막)
Ang Araw ng Kamp

엄마와함께캠프에
참가한
9살준우
Ang siyam na taong gulang na si
Joon-Woo
ay dumating sa kamp kasama ang ina.

엄마를거부하는
모습을보이는준우(자막)
Mukhang hindi komportable si Joon-Woo
na kasama ang kanyang ina.

오랜만에만난엄마인데
준우는계속
엄마를거부하고
피해다니기만합니다.
Ito ang unang beses
niyang makakasama ang ina
sa mahabang panahon, pero pilit siyang
umiiwas at lumalayo dito.

준우엄마랑놀까? 응?
Gusto mo bang makipaglaro sa akin? Ha?

싫어
Ayoko.

엄마를또거부하는준우(자막)
Patuloy na iniwasan ni Joon-Woo ang ina.

준우는결국엄마를피해
침대반대편으로
달아나버립니다.
Hanggang sa nagkubli si Joon-Woo
sa malayong sulok ng kama,
malayo sa kanyang ina.

아이아빠가아이한테
어떻게이야기하는지모르겠는데(대사+자막)
Pinagtatakahan ko kung anong
sinabi ng ama niya tungkol sa akin.

어느정도까지얘기를하길래
준우가저렇게
저를거부하는지..
정말슬퍼요(대사+자막)
Ano kaya ang sinabi niya
para magalit sa akin nang husto
si Joon-Woo…
Lungkot na lungkot ako.

캠프<토닥토닥레크리에이션> (자막)
Ang Kamp –"Ang Larong *Kiss-Kiss*"

아빠가출근할때뽀뽀뽀
엄마가안아줘도뽀뽀뽀(노래)
*Kiss, kiss,* pagpasok sa trabaho ni itay
*Kiss, kiss,*'pag niyakap ako ni inay

서로의어색함을풀고친밀감을쌓기위한
시간이마련됐습니다.
Ang layunin ng aktibidad na ito
ay magpasigla at makabuo ng ugnayan.

뽀뽀뽀친구(노래)
*Kiss, kiss, kiss,* aking mga kaibigan

가족그림그리기에나선아이들,
그런데준우가그리는
엄마의모습이심상치않습니다.
Ang mga bata ay gumuguhit ngayon.
Subalit parang may mali
sa pagguhit ni Joon-Woo sa kanyang ina.

준우야,이게엄마야?
엄마야?
Joon-Woo, ako ba iyan?
Si *mommy* ba iyan?

응
Opo.

그림속에서아빠와준우가
선반대편에그려진엄마의모습은
엄마에대해준우가가지게된
왜곡된이미지를보여줍니다.
Ang ina, nasa kabilang panig kung nasaan
si Joon-Woo at ang ama, ay nagpapakita
ng pangit na imahe
ng ina para kay Joon-Woo.

준우는부모의이혼소송이
시작되면서부터
엄마와떨어져아빠와
함께살게되었습니다.

Simula ng umpisahan ang
proseso ng diborsiyo
nahiwalay na si Joon-Woo sa kanyang ina
at tumirang kasama ng kanyang ama.

준우가그린그림들(자막)
Mga iginuhit ni Joon-Woo

5:19
이거준우가읽은
책목록인데요(대사+자막)
Ito ang mga librong
binasa ni Joon-Woo.

아네
Ganun ba.

이게두달만에
다읽은목록이에요(대사+자막)
Ito ang mga librong binasa niya
sa loob lang ng isang buwan.

굉장히많은책을읽었네요(대사+자막)
Marami rin pala siyang binabasang libro.

네네네
Oo, oo.

준우는지금만으로도충분히행복하고
아빠혼자서도애를바르게키우고있는데
Masaya si Joon-Woo sa mga nangyayari
at maayos ko siyang napapalaki.

00:05:30:22
<준우가아무런문제가
없다고생각하는 아빠>
<Sa tingin ng ama ni Joon-Woo,
walang mali sa kanyang anak >

네
Yes.
Oo.

왜굳이자꾸그여자와연결시켜서
그쪽방향으로
계속몰아가시는지…
Kaya bakit mo pinipilit subukang isangkot ang
babaeng iyon at dalhin
kami sa direksyong iyan?

아버지입장은~
Nauunawaan ko ang iyong—

아버님이생각하실때
준우가학교생활도잘하고있고(대사+자막)
Sa opinyon mo,
maayos ang lagay ni Joon-Woo sa eskwela

송지영인천가정법원

가사조사관부모(자막)
Song Ji-Yeon, *Family Affairs Examiner*
Korteng Pampamilya ng Incheon

가정에서도너무생활을
잘하고있다고말씀하시지만
at sinasabi mong
masaya rin siya sa bahay.

아이가실제적으로생활을잘하고있는것이아니고
그상황을회피하는
것일수도있습니다.(대사+자막)
Pero sa totoo lang, maaring hindi siya okay.
Maaaring iniiwasan lang niya
ang sitwasyon.

그회피하는상황을아버님께서
잘인식을하셔야지(대사+자막)
Dapat mong makita ang sitwasyon
na sinusubukan niyang iwasan

아이의상태를좀더
정확하게보실수가있고요(대사+자막)
para maintindihan mo nang mas mabuti
ang tunay na kondisyon ng anak mo.

아이가좀더행복한아이로
자랄수가있는것입니다.(대사+자막)
Iyan ang makakatulong sa anak mong
lumaking mas masayang tao.

강대성아빠(자막)
Kang Dae-Sung, ama ni Joon-Woo

아이는충분히행복해하고있는데
왜아이한테더악영향을줄수있는사람을(대사+자막)
Masaya ang anak ko.
Bakit niya sinasabing maging malapit kami

가까이하라는거죠?
전도저히이해를못하겠어요.
왜그래야만하죠?(대사+자막)
sa isang taong may masamang
epekto sa kanya?
Hindi ko maintindihan. Bakit kailangan iyon?

캠프 7일전(자막)
Pitong araw bago ang kamp

아빠는준우에게
자신이엄마의몫까지
다해줄수있다고믿고있습니다.
Tiwala ang ama ni Joon-Woo
na maibibigay niya ang lahat—
maging ang pagiging ina sa bata.

준우야,
알림장이없다?(대사+자막)
Joon-Woo, hindi ko nakikita
ang *teacher-to-parent notebook* mo.

알림장가져와봐(대사+자막)
Pwedeng ibigay mo sa akin?

어, 알림장
Ah, yung *teacher-to-parent notebook.*

준우의등교준비를도와주는아빠, 강대성씨
Tinutulungan si Joon-Woo ng kanyang ama
sa paghahanda sa pagpasok.

너, 알림장
검사맡았어?
Napa-tsekan mo ba
ang *teacher-to-parent notebook* mo?

학교에서나눠주는알림장을꼼꼼히살펴보다가
이상한점을발견합니다.
Nang tsinek nya ang *notebook,*
may napansin siyang mali.

너이거아직확인안했잖아(대사+자막)
아빠한테확인해달라고왜안그랬어?(대사+자막)
Hindi mo pa pala ito napa-tsekan.
Bakit hindi mo ako sinabihang i-tsek ito?

엄마한테확인받으래요(대사+자막)
Sinabi nila sa aking kay inay ipa-tsek.

너네엄마는너버리고갔잖아(대사+자막)
Iniwan ka ng nanay mo at lumayas.

어?
Po?

그럼누가확인해야해?(대사+자막)
So sino ang dapat mag-tsek niyan?

누가확인해야되냐고?(대사+자막)
Sino ang dapat mag-tsek niyan?

나간엄마얘기는왜하니?(대사+자막)
Bakit binabanggit mo pa ang nang-iwan sa iyo?

엄마에게화를내는아빠의모습에
준우는주눅이들고맙니다.
Tumamlay si Joon-Woo nang makitang
nababalisa ang ama tungkol sa ina.

준우실내화주머니챙겨야지(대사+자막)
Joon-Woo, dalhin mo ang *slipper bag* mo.

이번엔실내화주머니가
안보입니다.
Hindi makita kung nasaan
ang lalagyan ng tsinelas.

준우는열심히찾아보지만
끝내보이지않습니다.

Kahit na hinanap nang mabuti ni Joon-Woo
hindi pa rin nakita ang lalagyan.

없어(대사+자막)
Hindi ko po makita.

너어디다흘리고온거야?(대사+자막)
Saan mo naiwala?

어제학교에서가져왔어?(대사+자막)
Dinala mo bas a iskul kahapon?

응?
Po?

칠칠치못한건지
엄마랑똑같아요(대사+자막)
Burara ka
kasi mana ka sa nanay mo.

강대성씨는배우자에대한분노를
곧잘아들준우에게쏟곤합니다.
Madalas ibaling ang galit sa dating asawa
sa anak na si Joon-Woo.

아내에대한분노가
큰준우아빠(자막)
May ngitngit ang ama ni Joon-Woo
sa dating asawa.

그리고준우가엄마를나쁘게생각하거나
기억속에서지워버리기를바랍니다.
At gusto niyang magalit din si Joon-Woo
kalimutan na niyang tuluyan ang ina.

성덕규대한소아청소년
정신의학회
/의사(자막)
Dr. Sung Duk-Kyu
*Korean Academy of Child*
*and Adolescent Psychiatry*

엄마나아빠가상대편부모를
나쁘게이야기하고
미워하게되면그얘기를듣는아이는
결국그말대로
한쪽부모를미워하고
나쁘게생각하게됩니다.(대사+자막)
Kung nagsasalita ng
masama ang isang magulang
sa kanyang asawa at nagpapahayag ng poot dito
sa harap ng anak,
ang bata ay magkakaroon ng galit sa magulang
dahil sa kanyang mga naririnig.

그리고자기를자꾸혼내는아빠도
미워하게되죠(대사+자막)
Magagalit din ang bata sa ama
na madalas siyang kagalitan.

그런데엄마나아빠를
미워하고싫어하며(대사+자막)
자란아이가심리적으로밝고건강하게자라기는어렵습니다.(대사+자막)
Mahirap asahan sa isang batang
galit sa ama at ina na lumaking
maayos ang pag-iisip.

그리고자꾸혼이나면서자란아이는
자존감이낮은아이로성장하게되지요(대사+자막)
At ang batang madalas kagalitan ay lumalaking
may mababang pagpapahalaga sa sarili.

그래서이혼하신엄마나아빠는
상대편을나쁘게
얘기하시면안되고요(대사+자막)
Kaya ang diborsiyadong
mag-asawa ay ‘di dapat
magsiraan sa harap ng kanilang anak.

그리고부모가이혼해서
외롭고속상한아이한테
위로하고
격려하셔야합니다.(대사+자막)
Kailangan nilang subukang
paluwagin at palakasin ang loob
ng kanilang mga anak
na nasaktan sa kanilang pagdidiborsiyo.

8:47
캠프당일(자막)
Ang Araw ng Kamp

1년만에만난
최정훈씨가족,
그런데딸수영이는아빠와
아는체도하려하지않습니다.
Ang pamilyang Choi ay magkakasama
sa unang beses ngayong taon.
Subalit hindi pinapansin ni Soo-Young
ang kanyang ama.

동생준영이가아빠와
대화를나누는것도
못마땅한기색입니다.
Ang pagkausap ng kapatid na si
Joon-Young
sa kanyang ama ay ikinababalisa rin niya.

아빠곁에는
가지않는수영(자막)
Ayaw lumapit ni Soo-Young
sa kanyang ama.

집을나가  1년동안소식이없었던
아빠에대해원망이
쌓였던수영이
Galit si Soo-Young sa amang iniwan sila
at hindi nagparamdam
sa loob ng isang taon.

저기요저여기서
못자겠어요(대사+자막)
Alam mo, sa tingin ko
hindi ako makakatulog dito.

왜요? 문제있어요?
Bakit, may problema ba?

네
Oo.

뭐가문제예요?(대사+자막)
Anong problema?

방따로주세요(대사+자막)
Bigyan ninyo ako ng bukod na kwarto.

지금남는방이
없어요
Walang ibang bakanteng kwarto
sa panahong iyon.

결국아빠와
함께자기싫다며
취재진에게
방을바꿔달라고
요구합니다.
Hiniling niyang
mailagay sa ibang kwarto
dahil ayaw niyang matulog
sa parehong kwarto
kung saan naroon ang ama.

최정훈아빠(자막)
Choi Jung-Hoon, ama ni Soo-Young

제가일년동안밖에나가있으면서
양육비를주지않아서
애들엄마가힘들고(대사+자막)
May isang taon na nang umalis ako sa bahay
at hindi nakapagbigay
ng suporta sa mga bata.

딸이그런걸보면서
저를아주나쁘게
생각하는것같아요(대사+자막)
Naging mahirap siguro ito sa kanyang ina,
at dahil nakita niya iyon,
galit na galit si Soo-Young sa akin ngayon.

캠프당일아침(자막)
Umaga sa kamp

캠프에오기직전에도
수영이와준영이는
아빠때문에속상해하는
엄마의모습을봐야했습니다.
Bago pa man sila magpunta sa Kamp
nakita nina Soo-Young at Joon-Young
ang labis na pagkainis

ng kanilang ama dahil sa ina.

이인간이또늦네(대사+자막)
*Late* na naman ang lalaking iyon.

1년만에오는건데
이렇게늦을수있는거니?(대사+자막)
Paano pa siya male-*late* kung
pupunta siya sa unang beses ngayong taon?

정말너희들을조금이라도생각한다면
이렇게행동할수
있는거냐고(대사+자막)
Paano siya nakakapag-asal pa nang ganito?
Hindi ba niya iniisip kayong mga bata
kahit sandali lang?

나안갈래귀찮아(대사+자막)
Ayokong pumunta. Hindi ko gusto.

나도아빠안보고싶어(대사+자막)
Ako rin. Ayokong makita si itay.

오현주
엄마(자막)
Oh Hyun-Ju,
ina nina Soo-Young at Joon-Young

1년내낸한번도
전화없었어요.
그런사람이어떻게
아이들을보고싶었다느니…(대사+자막)
Wala man lang kahit isang tawag
sa loob ng isang taon.
Paano sasabihin ng taong iyan
na nami-*miss* niya ang mga bata at…

전그자체도이해가안돼요(대사+자막)
Hindi ko lang talaga maintindihan.

결국약속시간보다늦게
아빠가도착했습니다.
Dumating si Mr. Choi
nang lampas sa naiskedyul na oras.

약속시간이
몇시인데
지금오는거야?(대사+자막)
Alam mo ba kung anong oras
dapat nandito ka?
Bakit ka nahuli?

오는길에차가너무막혀서(대사+자막)
Malala ang traffic.

11:13
아이들의심리상태는
어떨까?(자막)
Ngayon, tingnan natin ang maaaring
pinagdadaaanan ng mga bata.

아빠와함께엄마와함께행복해요(현수막)
Kasama sina inay at itay, masaya kami.

어떠니? 엄마가뭐라고하지?
Ano sa palagay mo? Anong sabi ng nanay?

됐어? 엄마를닮은사람?
Wala? Katulad ng nanay mo?

이렇게부모의갈등에노출된아이들.
그들이겼는심리상태를
알아보기위해
역할극을해보기로했습니다.
Isang palabas ang sinimulan
upang malaman kung sa anong karanasan
nalalantad ang mga batang naiipit sa away
ng mag-asawa, at ang epekto nito
sa isip nila.

딸이쪽으로오고
Anak, pumunta ka dito...

1년동안연락도안하고응?
당신뭐냐고?
이제와서나타나서
애들을괴롭히냐고응?
Isang taong walang paramdam, ha?
Ano ka?
Tapos susulpot ka bigla
para pahirapan ang mga bata?

맨날당신맘대로그렇게해야되?
내가오죽하면그러겠어
Talaga bang sarili mo lang sinusunod mo?
Sa palagay mo bakit ako nagkakaganito?

그만해(대사+자막)
Tigil.

더크게소리
Lalong lumakas.

시끄러워 (대사+자막)
Tumahimik kayo.

시끄러워(대사+자막)
Tumahimik kayo.

말문이막힌아빠(자막)
Biglang nanahimik ang ama.

수영이가그동안
꾹꾹눌러두었던
말을터트립니다.
Inilabas ni Soo-Young
ang lahat ng itinatagong
sama ng loob niya.

지나치게아빠가행동하니까(대사+자막)

Inuusapan ka ni inay dahil

엄마가지나치게잔소리를하잖아요(대사+자막)
wala ka sa rason umasta.

숨이막혀서그래
답답해서나왔어(대사+자막)
Hindi na siya makahinga,
kaya lumabas iyon.

그럼다
잘하면되잖아요(대사+자막)
Kung ganun, bakit hindi kayo
maging mabuti sa isa't isa?

힘든거야, 그게(대사+자막)
Hindi 'yun ganun kadali.

그럼우리생각은안하세요?(대사+자막)
Hindi mo ba kami naiisip?

너희들한테는미안하지(대사+자막)
Ipagpaumanhin nyo na.

미안할짓을
왜하세요?
Bakit ka gumagawa ng mga bagay
na pagsisisihan mo rin?

너희들이싫어서그런게아니야(대사+자막)
Hindi kayo ang dahilan.

엄마가싫어서그런거라고(대사+자막)
Sa nanay ninyo ako galit.

그럼왜결혼했는데요?(대사+자막)
Eh bakit po ninyo siya pinakasalan?

12:40
강은숙
서울가정법원상담위원(자막)
Kang Eun-Sook
Tagapayo, Korteng Pampamilya ng Seoul

초기에수영이같은경우에는큰딸이잖아요(대사+자막)
Si Soo-Young ang panganay sa magkakapatid.

큰딸이고주변에서보니까
아빠는어느날나가버리고(대사+자막)
Bilang panganay, nasaksihan niya
kung paano sila iniwan ng ama.

엄마가생활비도벌고
자신들도양육하는모습,
지친모습을많이봤어요(대사+자막)
at kung paano nagpakahirap
ang kanilang ina
sa pagtataguyod sa kanila.

그래서엄마의감정이그대로

전이가돼서아빠에대한미움을
점점키워나갔어요(대사+자막)
Kaya naaawa siya sa kanyang ina
at ang kanyang pagkamuhi sa ama
ay unti-unting tumindi.

캠프
<가족그림그리기>(자막)
Ang kamp –
Pagguhit ng Larawan ng Pamilya

다섯살은아는
이캠프에
부모님모두
함께참석했습니다.
Pumunta ang limang taong gulang na si
Eun-Ah
sa kamp kasama ang kanyang
mga magulang.

은아의부모님은은아에대해
양육권분쟁소송을벌이고있는중입니다.
Nagtatalo ang mag-asawa
sa kustodiya ng anak.

그림을그리던은아가
갑자기배가아프다고합니다.
Tumigil sa pagguhit si Eun-Ah
at nagsabing masakit ang tiyan.

많이아파(대사+자막)
Sobrang sakit.

약먹을까?(대사+자막)
Gusto mo ba ng gamot?

아파(대사+자막)
Masakit.

최근들어자주
배가아프다고하는은아
Napapadalas ang pagsasabi ni Eun-Ah
na masakit ang kanyang tiyan.

엄마는그런은아를안고달래보지만
증상은쉽게사라지지않습니다.
Kinalong siya ng ina at sinubukang aliwin
ngunit hindi nawawala ang sakit.

빨리가, 빨리(대사+자막)
Bilisan mo, halika na.

다녀오시는게좋을거같아요
Sa palagay ko dapat ka nang umalis.

응차, 가자가
Tara, tara.

결국근처의료실로
은아를데리고갑니다.

Kanila ring dinala si Eun-Ah
sa kalapit na opisina ng doktor.

안녕하세요안녕하세요안녕하세요(상호인사)
Magandang hapon po.

지금우선진찰상
특별한이상은없네요(대사+자막)
Walang nakikitang mali sa ngayon
base sa eksaminasyon sa kanya.

언제부터
배가아프다고그러죠?(대사+자막)
Kailan pa nagsimula ang
pagsakit-sakit ng tiyan niya?

애아빠집에서
자고올때는(대사+자막)
Sa tuwing dun siya matutulog
sa kanyang ama.

뭘먹이는지
배가많이아프다고
그래요(대사+자막)
Hindi ko alam kung anong
ipinapakain sa kanya
Lagi siyang nagsasabing masakit ang tiyan.

아그래요?
Ah, ganun ba.

캠프 10일전(자막)
Sampung araw bago ang Kamp.

엄마와함께살고있는은아는
아빠와도꾸준히면접교섭을
하고있습니다.
Nakatira si Eun-Ah sa kanyang ina,
pero madalas rin ang pagkikita nila
ng kanyang ama.

아빠와면접교섭중인은아(자막)
Ang pagbisita ni Eun-Ah sa kanyang ama

와잘만드네, 은아도
Maganda rin ang pagkagawa mo, Eun-ah.

후~~
*sipol*

아빠와만나는날에는함께야외로나가기도하며
즐거운시간을가지곤합니다.
Sa kanyang mga pagbisita sa ama,
lumalabas siya at nagsasaya.

와~
Wow.

하하하하하
Ha, ha, ha.

자
Heto.

으하하하하
Heh, heh, heh…

은아야?(대사+자막)
Eun-Ah?

오늘재밌지?(대사+자막)
Masaya ka ba ngayon?

응
Opo.

은아야?(대사+자막)
Eun-Ah?

Eun-AH?응
Po?

우리아빠랑같이살까?(대사+자막)
Gusto mo bang tumira kay itay?

엄마는?(대사+자막)
Paano si inay?

은아야아빠랑같이살자응?
Eun-Ah, tumira kaya tayong magkasama?

후~후~
*sipol*

장철수아빠(자막)
Jang Chul-Soo, ama ni Eun-Ah

아이는경제력이있는
아빠가키워야지요.
그사람돈벌줄모릅니다.(대사+자막)
Ang nag-aalaga dapat sa mga anak ay
may kakayahang magtrabaho at kumita.
Walang alam sa trabaho ang ina niya.

돈을벌어도얼마나벌겠어요.
아이의교육이나환경면에서볼때(대사+자막)
제가키워야된다고생각합니다.(대사+자막)
Marunong man siyang magtrabaho,
magkano lang naman ang kita niya?
Ako dapat ang magpalaki kay Eun-Ah.

엄마, 저희왔어요, 네
Adito na kami, inay.

장철수씨는은아를
엄마에게서
데려와키울생각으로
양육권소송을
진행중입니다.
Gusto ng ama ni Eun-Ah

na iuwi ang anak
at palakihin ito
kaya inilalaban niya ang kustodiya
sa ina ni Eun-ah.

할머니(대사+자막)
Lola

우리똥강아지왔어?아이고예뻐라(대사+자막)
Kamusta, tuta. Nakakatuwa ka talaga.

은아야, 할머니안보고싶었어?(대사+자막)
Eun-Ah, nami-*miss* mo ba ang lola?

보고싶었어(대사+자막)
Na-*miss* ko po kayo.

은아에게는할머니도계시기때문에
아이를키우는데에
아무문제가없다는것이
장철수씨의생각입니다.
Naisip ng ama ni Eun-Ah na hindi
magiging problema
ang pagpapalaki kay Eun-Ah
dahil mayroon din syang lola.

아유애미가되가지고... ////
아휴, 꼴이이게뭐니?
엄마가애를이꼴로만들었네, 응?
Tignan mo ang sarili mo,
mukha kang madungis.
Dahil ba iyan sa nanay mo?

아휴, 속상해, 아휴
Nalulungkot talaga ako.

엄마를비난하는
할머니의말에
은아는갑자기풀이죽습니다.
Biglang nawalan ng gana
 si Eun-Ah matapos
marinig ang sinabi ukol sa kanyang ina.

아이고예뻐라.
Napakagwapong bata nito.

하하하
Ha, ha, ha.

아이고예쁘다. 좋아?
Wow, ang ganda. Gusto mo?

예
Opo.

옷도할머니가얼마나
이쁜거샀는지봐라.
이렇게이쁜옷을
사입혀야지.
Tignan mo ang

biniling damit ng lola sa iyo.
Ibinibili ka dapat ng
ganito kagagandang damit ng nanay mo.

야예쁘다.
Wow, ang ganda.

자입어봐, 까꿍. 하하하
Sige, isukat mo. Bulaga! Ha ha.

까꿍
Bulaga!

헤헤헤헤
He he he.

할머니가사주신새옷을입고은아는
제나이에어울리는재롱을부리기시작합니다.
Sinukat ni Eun-Ah ang damit
at nagsimulang kumanta't sumayaw.

아유, 잘하네
Wow, you're wonderful.
Aba, ang galing mo.

캠프 9일전(자막)
Siyam na araw bago ang Kamp

아빠와의면접교섭을끝내고
집으로돌아오는길
Nasa bahay na ulit si Eun-Ah
matapos ang pagbisita sa ama.

엄마
Inay.

은아야잘놀다왔어?(대사+자막)
Natuwa ka ba, Eun-Ah?

응
Opo.

저걱정하는거
생각한해요?(대사+자막)
Naisip mo ba
kung mag-aalala na ko sa kanya?

그만좀해, 뭐그렇게크게늦은것도아니고(대사+자막)
Tumigil ka. Hindi nga kami ganun ka-*late*.

하여튼극성은…
애가뭐잘못됐어?(대사+자막)
Masyado kang maarte.
May napansin ka bang mali sa kanya?

뭘알아야지
애를키워봤어야알지
Wala kang alam. Wala dahil
hindi mo naranasang magpalaki ng anak.

집에서걱정하는사람은
생각도안하고….
Wala kang konsiderasyon sa akin
na alalang-alala na sa bahay.

은아를조금늦게
데려온것때문에
엄마와아빠사이에
또싸움이벌어집니다.
Nag-away na naman ang
mga magulang ni Eun-Ah
dahil lamang nahuli sila nang kaunti
sa oras ng pag-uwi.

빨리가요
Umalis ka na lang.

은아야
Eun-Ah.

다음에아빠가또올테니까
더재미있게놀자(대사+자막)
Babalik ako sa susunod.
Mas magiging masaya tayo.

응?
Ha?

자, 은아야손가락걸고약속~
Halika, mangako tayo sa isa't isa.

좀전과달리
아빠를외면하는은아
Hindi tulad kanina,
hindi pinansin ni Eun-Ah ang kanyang ama.

아빠와사이좋은모습을
엄마앞에서는
보여주려하지않습니다.
Hindi sinusubukan ng mga
magulang ni Eun-ah
na magkasundo kahit man lang sa harap niya.

이게뭐야? 사이즈도맞추지도못하고(대사+자막)
Ano 'to? Hindi man lang tama ang sukat.

큰옷을…여기앉아있어
Masyadong malaki… Dito ka lang, Eun-Ah.

아니엄마가있는데
왜저런옷을사주는거야?
Bakit ibibili pa ng ganyang klaseng damit
eh meron naman siyang ina?

은아야이거좋아하지?(대사+자막)
Eun-Ah, gusto mo 'to diba?

응
Opo.

할머니가사준옷을
다른옷으로
갈아입히는엄마(자막)
Tinanggal ng ina ni Eun-Ah
ang damit na bigay ng lola
at pinalitan ng iba.

할머니가새옷을
사줬을때처럼
은아는아무말도하지않고
엄마가하는대로따릅니다.
Katulad ng bagong damit
galing sa lola,
isinuot ni Eun-Ah ang damit
nang walang kibo.

후라이? 바나나쥬스?
Pritong itlog? *Banana Juice*?

주스는아침에먹었잖아
Nag-*juice* ka na kaninang umaga.

우리은하가좋아하는
콩이랑소시지도해놨지~
Inihanda ko ang paborito mo,
munggo at *sausages.*

저녁식사시간,
엄마는은아에게
아빠와있었던일을캐묻기시작합니다.
Hapunan na.
Nagsimulang mag-usisa ang ina ni Eun-Ah
tungkol sa pagbisita niya sa ama.

아빠랑집에서뭐했어?(대사+자막)
Anong ginawa ninyo ng itay mo?

어~ 할머니가맛있는것도
하나도안해줬고(대사+자막)
Um, hindi ako ipinagluto ng
masarap na pagkain ni lola

그냥짜장면만
시켜먹었어(대사+자막)
at umorder lang siya
ng *black bean pastenoodles*.

엄마가이렇게
맛있게해주니까좋지?(대사+자막)
'Di ba gusto mong ipinagluto ka ni inay
ng ganito kasasarap na pagkain?

응
Opo.

엄마가최고지?(대사+자막)
Si inay ang 'da *best,* 'di ba?

응
yeah

Opo.

엄마랑사는게더좋지?
아빠랑사는것보다(대사+자막)
Mas gusto mong tumirang kasama ko
kaysa kay tatay, 'di ba?

엄마, 나배아파(대사+자막)
Inay, sumasakit na naman ang tiyan ko.

또다시배가아픈은아(자막)
Masakit na naman ang tiyan ni Eun-Ah.

아빠와있었던시간들이
재미없었다고둘러대는은아
Nagsinungaling si Eun-Ah at sinabing
hindi siya nag-*enjoy* kasama ang ama.

또배가아프다며
은아는식탁에서
일어납니다.
Nagsabi ulit siyang masakit ang tiyan
at tumayo sa
pagkakaupo sa may lamesa.

누구와같이살고싶은지
엄마아빠가물어볼때마다
겪게되는증상입니다.
Nangyayari ito
sa tuwing tatanungin si Eun-Ah
kung sa ina o sa ama niya gustong tumira.

그럴때면은아는인형한쌍을
품에꼭안아보곤합니다.
At sa tuwina, mahigpit niyang niyayakap
ang manikang mag-asawa.

엉엉엉엉
Whaaaa

엄마아빠진짜가지마세요엉엉
Inay, itay, huwag kayong umalis. Whaaa

보통어린아이는
힘들고불안한마음을말이아닌(대사+자막)
신체증상으로표현하게되는경우가많습니다.(대사+자막)
Madalas, ang emosyonal na pagkabalisa
ng mga bata ay lumalabas
sa mga pisikal na sintomas.

이아이는엄마아빠를
둘사랑하는것같아요(대사+자막)
Makikitang parehong mahal ni Eun-Ah
ang kanyang ama at ina.

그래서엄마한테가서는
아빠를나쁘게얘기하고(대사+자막)
Kaya nagsasabi siya sa ina
ng masasamang bagay tungkol sa ama

아빠한테가서는
엄마를나쁘게얘기하고(대사+자막)
at nagsasabi siya sa ama
ng masasamang bagay tungkol sa ina.

그렇게눈치를
많이보게되는것같아요
그러다가두분이만나서싸우고(대사+자막)
Sinusubukan niyang pareho silang pasayahin.
At kapag nag-away
ang ama at ina

'둘중한명을택해라' 이렇게얘기하니까
이아이는
더눈치보고불안하고(대사+자막)
at tinatanong siya kung sino ang pipiliin,
lalong nagigipit si Eun-Ah
at nahihirapang pareho silang pasayahin.

힘들어졌을것같아요. 그래서결국이힘든마음을(대사+자막)
Napapakahirap siguro nito sa kanya.

배가아픈증상으로표현했을것입니다.(대사+자막)
Lahat ng sama ng loob ay natutuon
sa pagsakit ng kanyang tiyan.

20:23
캠프<함께행복해요레크리에이션>(자막)
Ang Kamp – Oras ng Sama-samang Pagsasaya

떨어져지낸시간만큼쌓인거리를
좁혀보기위해놀이를통해
마음을여는시간을가져봅니다.
Pagkakataon ito upang mapalapit
ang mga miyembro ng pamilya sa isa't isa
matapos ang matagal na paghihiwalay.

우리은아최고
Eun-Ah, 'da *best* ka.

캠프내내아빠를외면했던
수영이는게임을하면서도
Si Soo-Young, na umiiwas sa kanyang
ama sa kabuuan ng kamp

수영에게
다가가고싶은아빠(자막)
Gusto ng ama ni Soo-Young na mapalapit
sa kanyang anak.

좀처럼아빠에게다가가려하지않습니다.
Pero ayaw pa rin siyang lapitan ni Soo-Young.

21:12
하지만자신들에게조금이라도
다가오려고계속노력하는아빠의모습에
수영이도조금씩
마음을열어갑니다.
Ngunit sa nakitang pagpupursigi ng ama

na makabawi,
Unti-unting binuksan ni Su-Young
ang kanyang puso.

최정훈아빠(자막)
Choi Jung-Hoon, ama ni Soo-Young

딸같은경우는상당히거부감이심했는데(대사+자막)
Napakasungit sa umpisa ni Soo-Young

이제는저에대해서이해를하지않을까
하는기대를하고있습니다.(대사+자막)
Pero ngayon umaasa akong
maiintindihan niya ako.

1년이나만나지못하고
떨어져있던시간
May isang taon na kaming magkahiwalay
at hindi nagkikita.

수영이와긴대화를
하는아빠(자막)
Nagkaroon ng mahabang usapan
Si Soo-Young at ang ama.

그공백을한번에채울수는없겠지만
딸과함께하는이시간이
조금이라도서로에게다가가고
Hindi ito isang bagay na na maayos
sa isang usapan lamang,
ngunit umaasa ang ama ni Soo-Young na

서로를이해하는시간이되기를
최정훈씨는바라고있습니다.
ang mga pangyayaring ito ay makatutulong
upang mapalapit silang muli sa isa't isa.

최정훈아빠(자막)
Choi Jung-Hoon, ama ni Soo-Young

그래도이렇게평소에보고싶었는데
만나지못하고상상만하다가(대사+자막)
Lagi ko siyang gustong makita,
ngunit pinangarap ko lamang iyon.

이렇게아들하고딸하고
같이있으니까
참좋은것같아요(대사+자막)
Ngayong nakakasama ko na
ang mga anak ko,
napakasaya ko.

그래서앞으로도자주이런시간을
가졌으면하는생각을하고있습니다.(대사+자막)
Sana'y magkaroon pa kami
ng maraming pagkakataong tulad nito.

다양한놀이를통해준우와가까워지는엄마(자막)
Sinusubukan ng ina ni Joon-Woo na mapalapit
sa kanya sa pamamagitan ng iba't ibang gawain.

엄마를피하고외면하던준우도
레크리에이션시간동안
엄마와함께놀며
부쩍엄마와친해진모습입니다.
Si Joon-Woo, na umiiwas
at hindi pumapansin sa ina,
ay halatang mas magiliw dito
noong oras ng paglalaro.

22:36
캠프<세족식>(자막)
Kamp – Seremonya ng Paghuhugas ng Paa

'아빠와함께엄마와함께행복해요'
프로그램을진행하도록하겠습니다.
Uumpisahan na natin ang programang pinamagatang
"Masaya sa piling ng Ina at Ama."

저수건은있죠그걸뭐를하냐하면은
Nakikita ninyo ang tuwalya, sa tuwalyang iyan…

엄마, 아빠가손을잡아주세요
Maghawak po ng kamay ang mga mag-asawa.

그동안우리가가족과함께하는것은
행복하고좋은일도많지만서로(영상이끊김)
Ang isang pamilya ay nagsasama dahil
kahit na may masasayang panahon…

아빠를거부하지
않는수영(자막)
Hindi iniiwasan
ni Soo-Young ang kanyang ama.

엄마
Inay

엄마에대한
마음이열린준우(자막)
Naglabas ng nararamdaman si
Joon-Woo sa ina.

23:24
미안함과그리움원망과이해의마음이
뒤섞여눈물로쏟아져내립니다.
Halu-halong pagsisisi, pananabik
sama ng loob, at pag-unawa ang lumabas
sa kanyang mga luha.

수영아
Soo-Young

23:53
캠프그후(자막)
Matapos ang Kamp

캠프가끝난후
아이들은
부모에게미처다전하지못한말들을

편지속에담았습니다.
Matapos ang kamp,
naihatid ng mga bata ang
ang mga saloobing
hindi nila masabi sa sulat.

아빠아빠아빠아빠아빠
Itay, itay, itay, itay.

너무불러보고
싶었어.(대사+자막)
Gustung-gusto kong
sabihin ang salitang iyan.

아빠어디아픈데는없지?(대사+자막)
Itay, sana maging mabuti at malusog ka.

그동안철없이군거미안해.(대사+자막)
Ipagpaumanhin po ninyo ang ikinilos ko.

이제자주
봤으면좋겠어(대사+자막)
Mula ngayon,
gusto ko pong makita kayo lagi.

엄마를만나고온준우는
아빠한테편지를씁니다.
Matapos makita ang kanyang ina,
sumulat si Joon-Woo sa kanyang ama.

아빠저정말하고싶은
말이있어요(대사+자막)
Itay, may gusto po akong
sabihin sa inyo.

엄마가정말보고싶어요(대사+자막)
Nami-*miss* ko na talaga si inay.

진짜보고싶어요(대사+자막) 준우올림
*Miss* na *miss* ko na siya.
Nagmamahal, Joon-Woo

아들준우가엄마없이도
잘지내고있다고
믿었던강대성씨.
Napaniwala ang ama ni Joon-Woo
na walang problema ang paglaki ng anak
kahit na wala ang kanyang ina.

하지만준우도
엄마와아빠가모두필요한
평범한아이였을뿐이라는것을
깨달습니다.
Ngunit ngayon ay naisip niyang kailangan
ng ama at ina ni Joon-Woo,
tulad ng isang
normal na bata.

은아는이제갓배운서툰글씨로
엄마와아빠에게

편지를씁니다.
Gumawa ng sulat si Eun-Ah sa ina at ama
na sulat-kamay niya
at bago palang natutunan.

엄마아빠는편지줄까?(대사+자막)
Susulatan kaya ako nina inay at itay?

자, 이편지줄께(대사+자막)
Heto, may sulat para sa iyo.

읽어봐
Basahin mo.

‘아빠같이놀이동산놀러가요.
엄마랑아빠랑
같이놀아요’(화면)
Itay, pumunta tayo sa perya.
Inay at itay
sama-sama po tayong maglaro.

엄마아빠대신
늘갖고다니는
사이좋은한쌍의인형에게
은아는자신의편지를전해줍니다.
Ibinigay ni Eun-Ah ang sulat
sa mag-asawang manikang lagi niyang dala
imbis na sa kanyang ina at ama.

아빠, 같이놀이동산놀러가요.(대사+자막)
Itay, pumunta tayo sa perya.

엄마랑아빠랑같이놀아요(대사+자막)
Inay, itay, sama-sama po tayong maglaro.

엄마아빠사랑해요(대사+자막)
Inay, itay, mahal ko po kayo.

이와같이
이혼과정에서
부모가자녀에게
어떻게대하고
Sa nakikita ninyo,
depende sa pagtrato
ng magulang na nagdidiborsiyo
sa kanilang anak,

어떤행동과말을하느냐에따라
자녀는더힘든심리적정서적
신체적문제를겪게되기도합니다.
kung paano sila kumilos at magsalita,
ang mga bata ay maaaring makaranas
ng paghihirap sa isip, damdamin, at katawan.

부모의이혼이라는
어려운시기를통과하는동안
아이들도어른들과마찬가지로
Habang ang mga magulang ay nasa
mahirap na proseso ng diborsiyo,
ang kanilang mga anak

상실의 5단계라는
심리상태를
거치게됩니다.
ay dumaraan din sa
sikolohikal na prosesong
tinatawag na “*The Five Steps of Loss*.”

이혼과정에서
자녀가경험하는
감정의단계(자막)
Ang mga emosyonal na pagbabagong
dinaranas ng mga bata
sa panahon ng diborsiyo

이것을안다면
우리의자녀들을이해하는데
도움이됩니다.
Kung maiintindihan natin ito,
matutulungan tayong
unawain ang mga bata.

부인분노흥정
우울수용(자막)
Pagtanggi, Galit, Negosasyon,
Depresyon, Pagtanggap

모든아이들이이단계를단순히순차적으로
경험하게되는것은아닙니다.
Hindi lahat ng bata ay dumaranas ng nabanggit
na mga yugto sa ganyang pagkakasunud-sunod.

단계별대표적인심리상태(자막)
Ang bawat yugto ay naiiba.

어느단계에서뒤로돌아가기도하고
어느단계에서장기간
머물기도합니다.
Minsan ay bumabalik sila sa naunang yugto,
at minsan ay naiiwan sila sa isang yugto
sa mahabang panahon.

1단계부인아닐거야아닐거야(자막)
Yugto 1: Pagtanggi – Hindi, hindi ito maaari.

2단계분노왜내생각은안해?(자막)
Yugto 2: Galit – Bakit hindi mo ako iniisip?

수용의단계까지
나아가지못한채
성인이되기도합니다.
Ang iba ay umaabot sa tamang gulang
na hindi nararating
ang yugto ng pagtanggap.

3단계흥정내가엄마,
아빠말을잘들으면
이혼을안할지도몰라(자막)
Yugto 3: Negosasyon –
Baka hindi maghiwalay

sina inay at itay kapag nagpakabait ako.

이혼가정자녀의가장두드러진심리적특성은
Ang pinakakapansin-pansing katangian
ng mga anak ng diborsiyadong mag-asawa

4단계우울결국안되는구나.  난뭘해도안될거야.(자막)
Yugto 4: Depresyon – Palagay ko hindi na
ito maayos pa. Lagi na lang akong bigo.

5단계수용
그래어쩔수없구나.
이해해야겠구나.(자막)
Yugto 5: Pagtanggap –
Oo, ‘di na maayos ito.
Kailangan ko na lang intindihin.

죄책감과버림을받았다는
느낌이라고합니다.
ay ang paninisi sa sarili
at pakiramdam ng pag-iisa.

이는영유아기에서부터청소년기에이르기까지
전연령에걸쳐나타나고있습니다.
Nakikita ito sa lahat ng edad, mula sanggol
hanggang sa pagbibinata/pagdadalaga.

연령별혹은아이의발달수준에따라
이혼에대한반응과
심적특징은달라집니다.
Ang epekto ng diborsiyo sa mga bata at ang
sikolohikal nilang katangian ay nag-iiba
depende sa kanilang edad at lebel ng paglaki.

이를아는것역시
자녀를이해하는데큰도움이됩니다.
Makatutulong ang kaalamang ito
sa pag-unawa natin sa ating mga anak.

27:21  자막시작
영유아기
Pagkasanggol

표현을못해도
마음이
많이아파요.
Ang mga sanggol
ay nakararanas ng pagkabalisa
kahit na hindi nila ito maipahayag.

아이는이렇게느껴요.(자막)
Ito ang nararamdaman ng mga sanggol.

아이는극심한공포와불안감에
휩싸이고
자극에느리게반응하거나
발달이지연되고
심지어
퇴행하기도해요(자막)

Nababalot sila sa sobrang takot,
kawalan ng seguridad,
may atrasadong reaksyon sa bagay-bagay,
At nahuhuli sa paglaki at pagkatuto.
Minsan ay umuurong
pa ang kanilag pag-unlad.

이렇게해주세요(자막)
Ito ang dapat mong gawin.

스킨십과대화를통해아이가충분한관심과
사랑을느끼도록해주세요(자막)
Iparamdam ang pagmamahal at pag-aaruga
sa paghaplos at pakikipag-usap sa sanggol.

주양육자와안정적인애착관계를
형성해성인이되어서도
바람직한관계를
맺게되요
Ang pagbuo ng isang matatag na relasyon
sa nag-aalaga ay makatutulong sa sanggol
na makitungo sa ibang tao
sa kanyang paglaki.

유치원기(자막)
Kinder

나때문이야
나는어떻게되는걸까(자막)
Dahil ito sa akin.
Anong mangyayari sa akin?

아이는이렇게느껴요(자막)
Ito ang nararamdaman ng mga musmos.

내가잘못해서
엄마, 아빠가이혼하는거야라는
죄책감을느껴요
Maaaring sisihin ng mga musmos ang sarili
at isiping sila ang dahilan
ng pagdidiborsiyo ng kanilang ama at ina.

아빠가떠나갔으니엄마도나를버릴지몰라
라는두려움에휩싸여요
Nang iniwan ako ni itay, hindi ko alam
kung kailan iiwan na rin ako ni inay.

이렇게해주세요
Ito ang dapat mong gawin.

아이가느끼는분노와두려움을
잘표출할수있도록
감정을물어봐주세요
Tanungin mo ang ang nararamdaman
ng iyong anak upang malaya siyang
makapagsabi ng kanyang galit o takot.

초등학생기
Edad elementarya

엄마아빠는다시돌아올거야
Babalik si inay/itay.

아이는이렇게느껴요
Ito ang nararamdaman ng iyong anak.

부모의이혼을
이해하지만
재결합에대한
강한기대와
환상을가져
Naiintindihan nila
ang pagdidiborsiyo ng mga magulang,
pero iniisip at ninanais nilang
magkakabalikan ang mga ito.

학교생활,
친구관계에
어려움을보이고
부모와자신에대한걱정으로
아프기도해요
Maaaring makaapekto ito sa
kanilang pag-aaral
at makasira sa kanilang pakikipag-kaibigan.
Maaari rin silang magkasakit sa pag-aalala
sa kanyang mga magulang at sarili.

부모의모호자나
위로자로나서는
애어른행동을보이기도하죠
Minsan ay umaakto silang matanda,kinukuha
ang papel ng tagapangalaga
o tagapagtanggol.

이렇게해주세요
Ito ang dapat mong gawin.

이혼후에도여전히
부모모두아이를사랑하고
돌볼것임을
강조해주세요
Paalalahanan siya na patuloy siyang
mamahalin ng ama’t ina,
at babantayan siya matapos
man ang diborsiyo.

청소년기
Pagbibinata/Pagdadalaga

나도내마음대로할거야
Gagawin ko rin ang gusto ko.

아이는이렇게느껴요
Ito ang nararamdaman ng iyong tinedyer.

사춘기와맞물려
폭발적인
정서변화가생겨요

Dumaranas sila ng
dramatikong pagbabago
dahil sa kanilang pagbibinata/pagdadalaga.

부모의이혼으로학교생활에
문제를보이거나
반항, 우울증, 심지어자살을
시도하기도해요
Maari silang maging pasaway sa eskwela,
magrebelde,ma-*depress*,
at magtangka pang
magpakamataydahil sa diborsiyo.

이렇게해주세요
Ito ang dapat mong gawin.

자녀가이혼을비난하거나공격하더라도
자녀의이야기를잘들어주고
보듬어주세요
Kahit pa magalit
at magdamdam ang iyong anak
dahil iyong pakikipagdiborsiyo,
pakinggan sila at yakapin.

28:50 여기까지모두자막임
캠프 15일후(자막)
Labinlimang araw matapos ang Kamp

법원에서는이혼과정에있는부모들에게
자녀의양육계획을세우는데
실질적인도움을주기위해
부모교육을실시하고있습니다.
Para mabigyan ang mga magdidiborsiyo
ng tulong upang maitaguyod ang anak,
ang korte ay nagbibigay
ng mga pagsasanay sa kanila.

여러차례부모교육을거치면서
강대성씨는아들준우를위해
새로운결심을합니다.
Matapos kumuha ng ilang pagsasanay,
nagbago ang pagpapasya ng ama ni Joon-Woo
para na rin sa kanyang anak.

여러차례의부모교육을받은
준우아빠강대성씨(자막)
Kumuha ng ilang kurso
ang ama ni Joon-Woo.

아이가많이좋아진것을
아빠도느끼세요?
Napansin mo rin ba
na umayos ang kalagayan ni Joon-Woo?

네, 많이좋아졌어요
Oo, malaki na ang ipinagbago niya ngayon.

네
Tama.

준우와함께
법원면접교섭실을찾은강대성씨
Nagpunta sa *visitation room* ng korte ang ama
kasama si Joon-Woo.

아빠
Itay

응영~차
Yehey! Yehey!

그는준우가건강하고
밝게클수있도록
엄마와의면접교섭을
허용하기로했습니다.
Pumayag siyang magkaroon ng karapatan
ang ina na dalawin si Joon-Woo,
upang makatulong ito sa normal
na paglaki ng anak.

한결밝아진
준우(자막)
Mukhang higit nang masaya si
Joon-Woo ngayon.

행복하게만날수있도록
도와주셔야됩니다.
Kailangan mong tumulong para maging
masaya ang ganitong pagsasama-sama

송지영
인천가정법원
가사조사관(자막)
Song Ji-Yeon,
Iksaminer ng Usaping Pampamilya
Pampamilyang Korte ng Incheon

아이의일상생활에방해되지않는선에서
당사자부모님이
정하시면됩니다.(대사+자막)
Ang mga magulang ay dapat magpasya ngunit
hindi dapat ito makakaapekto
sa normal na pamumuhay ng bata.

그대신에전화연락은
자유롭게하시는게좋고요(대사+자막)
Pagdating sa tawag sa telepono,
ang mas madalas ay mas mainam.

지금현재같이살고있지않는
부모님을아이가만나고왔을때,(대사+자막)
Kapag umuuwi ang anak matapos bumisita
sa isang magulang na hindi niya kasama,

아이가같이생활하는부모님한테
죄책감이나미안함감정을느끼지않도록
해주시는것이중요합니다.(대사+자막)
Importanteng huwag iparamdam sa bata na mali
ang pagtira niya o na maawa siya
sa magulang na kanyang tinitirhan.

강대성아빠(자막)
Ama ni Joon-Woo

아이엄마에대한나의분노나상처같은것이
아이한테영향이간것같아요(대사+자막)
Ang galit at sakit na nararamdaman ko sa ina
ni Joon-Woo ay nakaaapekto sa aking anak.

아이의상처를알게된게지금은
너무나다행이라고생각합니다.(대사+자막)
Sa tingin ko, masuwerte talagangnaunawaan ko
ang sakit na nararamdaman ni Joon-Woo.

30:24
법원의부모교육과상담을거치는동안이영희씨도
그동안자신의딸은아에게
이혼의스트레스를전가했다는사실을깨달았습니다.
Sa pamamagitan ng programang handog ng korte,
napagtanto ng ina ni Eun-Ah kung paano niya
naipapasa ang kanyang *stress* sa kanyang anak.

부모교육을받고있는
은아엄마이영희씨
Sumailalim sa programa ng korte
ang ina ni Eun-Ah.

아주예쁘게찍어야되는데?
Maganda dapat ang kalalabasan ng litrato.

아빠집에가서할머니한테
예쁘게인사잘하고(대사+자막)
Batiin mong mabuti si Lola
pagdating mo sa bahay ng itay mo ha.

은아는요즘한층편한마음으로
아빠를만나러갈수
있게되었습니다.
Ngayon, si Eun-Ah ay nakadadalaw na sa
kanyang itay nang
walang bigat sa damdamin.

아빠한테인사드려야지
Batiin mo ang itay mo.

아빠
Itay.

어은아야
Kamusta, Eun-Ah?

야그동안많이컸네
Lumaki ka na mula nung huli kitang nakita.

잘지냈어?(대사+자막)
Ayos ka lang ba?

네, 잘지냈어요(대사+자막)
Opo, mabuti naman po ako.

갔다올게(대사+자막)
Magkita tayo mamaya.

네, 잘다녀오세요(대사+자막)
Opo, sige po.

양육권다툼이은아에게얼마나
큰스트레스였는지
깨달은아빠엄마가
Dahil ito sa ina at ama ni Eun-Ah,
na nalamang napakalaki ng epekto
ng kanilang pagtatalo sa kanilang anak.

딸을위해새로운협력관계를
만들어가기로한덕분입니다.
ay napagdesisyunan nilang magkaroon ng
maayos na relasyon para sa anak.

장철수아빠(자막)
Ama ni Eun-Ah

친권이중요한것이아니라
우리아이를
자주만나고
또아이엄마와
Naisip kong higit pa sa
karapatan ng magulang,
mas mahalagang
madalas na mabisita si Eun-Ah

좋은관계를유지하는것이
아이에게정말중요하다는것을
깨닫게되었습니다.(대사+자막)
at mapanatili ang mabuting relasyon ko
sa ina ni Eun-Ah,
para na rin sa aming anak.

타자..발…조심..옳지
Halika. Tingnan mo ang dinadaanan mo. Ayan.

내가꼭잡을께
Kakapit po akong mabuti.

응그래그래
Sige, sige.

은아야좋아?
Eun-Ah, masaya ka ba?

응
Opo.

하하하하하
Ha ha ha.

자은아야무서워하지말고
Eun-Ah, huwag kang matakot.

이제은아는더이상

눈치볼필요없이아빠도엄마도
마음놓고사랑할수있는아이가되었습니다.
Ngayon, si Eun-Ah ay malaya nang mahalin
ang kanyang ina't ama
nang walang pag-aalala.

하하하하하
Ha ha ha.

은아, 아빠랑재미있게놀았어요?
Eun-Ah, naging masaya ka ba?

응
Opo.

우리은아왔어?
Tingnan mo kung sinong dumating!

응갔다왔어
Nandito na kami.

우리은아잘놀다왔어?
Nag-*enjoy* ka ba, Eun-Ah?

뭐하고놀았어?(대사+자막)
Anong ginawa ninyo?

키즈카페에서
미끄럼틀이랑
붕붕차랑사진도찍고
진짜재밌었어(대사+자막)
Nagpunta kami sa *KizCafe* at nag-*slide*,
at sumakay rin sa *bump car*.
Nag*picture* kami at ang saya saya!

진짜재미있었겠다(대사)
Mukhang nag-*enjoy* ka talaga.

엄마도다음에같이가자(대사+자막)
Tayo naman ang umalis sa susunod inay.

엄마랑도다음에같이가자(대사+자막)
Isama mo ako sa susunod ha.

응
Opo.

장철수아빠(자막)
Ama ni Eun-Ah

정말행복했고요.
그동안못해준것이
너무미안했습니다.(대사+자막)
Nag-*enjoy* po talaga kami.
Nagsisisi ako na
hindi ko ito ginawa dati pa.

우리은아가정말
사랑스런아이라는것을
깨닫게되었습니다.(대사+자막)

Napagtanto ko
na ang aming anak na si Eun-Ah
ay isang napakabuting anak.

최정훈씨와오현주씨는
이혼과정의갈등이깊고길었던만큼
더오랜부모교육과
상담시간이필요했습니다.
Ang mga magulang ni Soo-Young
at Joo-Young
ay nangangailangan pa ng ibang payo
dahil mahirap ang kanilang naging diborsyo.

상담을받고있는최정훈, 오현주씨(자막)
Ang ama't ina ni Soo-Young na may tagapayo

서로의감정싸움과오해로인해
자녀의면접교섭과양육비지급을
결정하는데있어
갈등이계속되었던것입니다.
Ang kanilang emosyon at di pagkakaunawaan
ang nagpahirap sa pagdedesisyon
tungkol sa pagbisita at pagsuporta sa anak.

가면이사람이잔소리하고
또싸우게되니까갈수가없어요
Kapag umalis ako, pagsasabihan niya ako at
mag-aaway lang kami, kaya 'di ako makaalis.

네
Ganun ba.

이숙영
가정법원상담위원
Lee Sook-Young
Tagapayo, Korteng Pampamilya

아빠는지금아이양육비지급에대해
잘이해하고계시죠?
Naiintindihan mo namang mabuti ang tungkol
sa pagbibigay sustento sa iyong anak, 'di ba?

양육비를줘도
이사람멋대로써버리면
기분이별로안좋고요(대사+자막)
Kahit na magbigay ako ng sustento
ayaw kong waldasin niya lang ang pera
sa paraang gusto niya.

하지만여러차례의부모교육과
상담을거치면서
양육비지급과면접교섭이그누구도아닌
아이들을위한것이라는
사실을깨달았습니다.
Ngunit matapos ang ilang kurso at pagpapayo,
napagtanto niyang ito ay
para rin sa kanyang anak,
at wala nang iba pa.

부모교육과상담을

여러차례받은최정훈, 오현주씨(자막)
Ang ama't ina ni Soo-Young ay sumailalim
sa ilan pang kurso at pagpapayo.

어떻게두분이아이의양육비에
관련된합의를하셨나요?(대사+자막)
Nagkaroon na ba kayo ng kasunduan
tungkol sa pagsustento sa inyong anak?

아니요, 아직협의를못했는데
어떻게해야할지(대사+자막)
Hindi pa, wala pa kaming napagkakasunduan.
Hindi namin alam

방식등을잘모르겠습니다.
얼마를줘야하는지...
ang mga paraan o kung papaano ito gagawin,
o kung magkano ang kailangang ibigay.

강은숙
서울가정법원상담위원(자막)
Kang Eun-Sook
Tagapayo, Korteng Pampamilya ng Korte

보통양육하지않는분이
양육비를양육하는분의
생활비로
착각을하시고(대사+자막)
아까워하는분들이많으신데,
절대그렇지않습니다.(대사+자막)
Madalas sa isang magulang
na walang kustodiya sa anak
na isipin na ang sustento sa anak
ay mapupunta lamang sa magulang
na may kustodiya.
Ito ay malayo sa katotohanan.

이양육비는아이들의생활비예요(대사+자막)
Ang sustento ay alawans para sa anak.

아이들에게들어가는
구체적인생활비가되는거예요(대사+자막)
Ito ay gagamitin sa pagpapalaki
at pagtataguyod sa bata.

때문에이양육비에따라
아이들의생활수준이
달라지겠죠(대사+자막)
Dahil dito, ang kalidad ng pamumuhay
ng bata ay nakadepende sa halaga
na ibibigay bilang sustento.

아이들이미래에자신이이루고자
하는꿈을이루기위해서(대사+자막)
현실에서열심히공부도하고
Habang ang anak ay nagsisikap
na abutin ang kanilang pangarap
sa pag-aaral nang mabuti at iba pang gawain

여러가지재능을살리기위한

행위를할때(대사+자막)
이양육비지급에따라
그꿈의크기가
달라질수있는겁니다.
upang mahinang ang kanilang talento,
ang lawak ng kanilang pangarap
ay dedepende sa
sustentong ibibigay sa kanila.

그래서반드시 ‘양육비는아이들의생활비다’라는
부분을명시해서비양육하시는분들은반드시
양육비를지급될수있도록하는것이
바람직합니다.
Kaya mahalagang tandaan na
ang sustento ay para sa anak
at ang magulang na walang kustodiya
ay dapat magbigay nito.

부모와함께이혼결정,
앞으로의일들에대해
미리자녀들과
대화해야합니다.(자막)
Dapat kausapin muna ng mga magulang
ang mga anak hinggil sa
kanilang pagdidiborsiyo
at sa mga bagay na maaaring mangyari.

이혼을결정했다는사실도
부모가직접
그리고정확하게
알려주기로했습니다.
Dapat din na ang desisyong magdiborsiyo,
at ang mga detalye nito
ay personal na sabihin
ng magulang sa mga anak

엄마아빠가정말많은고민끝에
결정한건대
이혼하기로했어
Matapos ang mahaba
at masusing pag-uusap,
napagdesisyunan naming magdiborsiyo.

이혼결정을자녀의눈높이에
맞게알려줍니다.(자막)
Ang balita ay dapat ihayag sa pamamaraang
maiintindihan ng mga anak.

너희들이많이실망하고속상할거야
Alam naming mahirap para sa inyo ito.

자녀의마음을
읽어주고
공감해줍니다.(자막)
Dapat maintindihan ng mga magulang
ang mga nararamdaman
at pinagdadaanan ng mga anak

또슬프고화도날거야

Isa pa, maaaring malungkot ka o magalit.

정말미안해
하지만엄마아빠는
정말로너희를사랑해서낳았어
Anak, pasensya na talaga.
Pero ipinanganak ka
dahil mahal ka namin.

부모의변함없는
사랑과보호에
대한확신과안정감을줍니다.(자막)
Dapat ding iparamdam ng mga magulang
na hindi magbabago ang pag-aalaga
at pagmamahal nila sa anak.

그리고그사랑하는마음은앞으로도
결코변하지않을거야
Lagi nila itong mamahalin.

너희들이힘들때언제든지너희들곁에
같이있어주고사랑한다고엄마아빠는약속했어
Ipinapangako naming sasamahan ka
sa lahat ng paghihirap.

엄마랑상의를했는데
너희들은지금처럼엄마랑살면서
토, 일요일에아빠랑
같이지내면어떻겠니?
Nag-usap kami ng iyong ina, at naisip naming
sa kanya ka tuwing Lunes hanggang Biyernes,
at sa akin ka naman tuwing Sabado at Linggo.
Ano sa palagay mo?

앞으로의일들에대해명확하고
구체적으로알려주고의견도들어줍니다.
Dapat ding sabihin sa mga anak ang mga
mangyayari sa mga susunod na panahon.

물론, 아빠가매일전화를하겠지만,
메신저로화상대화도하자.
그럼어때?
Siyempre tatawag ako araw-araw.
Pero pwede rin tayong mag-*video chat*.
Gusto mo ba 'yun?

지금너희들마음은어떤지얘기해줄래?
Pwede mo bang sabihin ang nararamdaman mo?

너희들힘든거엄마아빠가지탱해주고싶어
Gusto ka naming tulungan hangga't kaya namin.

감정과의견을털어놓고얘기하도록하여
적응을도와줍니다.(자막)
Matutulungan ninyong sanayin ang mga bata
na matapat sabihin ang saloobin at naiisip.

앞으로도궁금한것을
언제든지물어봐
Huwag kayong mahihiyang magtanong

ng kahit ano sa amin.

최선을다해서대답해줄께
Sasagot kami sa abot ng aming makakaya.

밝고건강하게
자라도록
아이들을지켜주는것은
이혼후에도여전히
부모의몫입니다.
Ang responsibilidad ng mga magulang sa
pagsuporta sa mga anak upang
sila ay maging
masaya at malusog ay hindi magbabago
kahit pa sila ay hiwalay na.

부부라는이름은끝나도
부모라는이름은
변함없기때문입니다.
Ang titulong “Magulang” ay mananatili,
kahit na ang “Mag-asawa”
ay hindi na.

36:45
우리가부부사이에벌어지는일들을
부부간의일로만받아들이고
감정을잘추스려자녀를
먼저배려해줄수있다면,
Kung magagawa ng mga magulang na ituring
ang nangyari bilang personal na problema
at kung makokontrol nila ang damdamin
para unahin ang kanilang mga anak--

그리고사랑과관심을다해자녀들에게
부모의관계는변함이없을것이라는
확신을줄수있다면,
우리아이들은
훌륭하게자랄수있습니다.
At kung, sa pamamagitan ng kanilang
pagmamahal at pagkalinga, magawa nilang
mapaniwala ang mga anak na ang pagiging
magulang ay ‘di magbabago, mananataling
masaya at malusog ang kanilang mga anak.

엄마와아빠가모두어떠한상황에서도변함없이
나를사랑하고지켜줄것이라고
확신하는아이는
자신감과자존감을가지고건강하게자랄수있답니다.
May kasabihang ang anak na naniniwalang
protektado sila ng kanilang mga magulang
ay lalaking isang taong
may bilib at tiwala sa sarili.

자, 이제구체적을자녀에게
어떻게해야하는것인지알아볼까요?
Ngayon, bakit hindi natin tingnan
kung ano ang dapat nating gawin?

왜그래?

도대체매일매일나한테이렇게하는이유는뭐야?
Anong problema?
Bakit ganito ka makitungo sa akin araw-araw?

에이그만해지겨워죽겠어그만해
Tigilan mo ako. Sawa na ako. Tumigil ka na.

자녀앞에서욕설이나폭력적인행동을하면서
부부싸움을하는건
안.돼.요(자막)
Ang marahas na pagtatalo
sa harap ng mga anak
ay hinding-hindi dapat gawin.

알았어. 나중에얘기해
Sige, mamaya na tayo mag-usap.

그래, 애들없는데서말하자
Tama ka. Mag-usap na lang tayong dalawa.

너희엄마는
할줄아는게하나도없어
Walang alam gawing kahit ano
yang nanay mo.

그렇게하다
너희엄마처럼된다
Kung ipagpapatuloy mo iyan,
magiging tulad ka ng nanay mo.

자녀에게상대부모에대한
험담을하거나비난을하는건
안.돼.요(자막)
Ang pagsasalita ng masama laban sa
isa pang magulang
ay hindi rin dapat gawin.

우리그렇게하지말고
다시생각해보자
Huwag nating gawin ito,
pag-isipan muna ulit nating mabuti.

니네아빠한테말해.
평생그런식으로살라고
Sabihin mo sa tatay mo, mamuhay
siya nang ganyan hanggang mamatay siya.

자녀에게상대부모한테
모욕적인말을전달하게하는건
안.돼.요(자막)
Ang pag-utos sa anak na magsabi ng
nakaiinsultong salita tungkol sa isa pang
magulang ay lalong hindi dapat gawin.

애한테아빠험담을하면안되겠지?
Huwag magsabi ng masama sa harap ng bata.

아빠도와주러오는
여자없었어?
May iba bang babaeng

tumutulong sa tatay mo?

자녀에게상대부모의행동을
염탐하도록하는건
안.돼.요
Ang pag-uutos sa anak na mag-espiya
sa isang magulang ay hindi rin nararapat.

아빠랑재미있게놀았어?
Nag-*enjoy* ka ba kasama ang itay mo?

아빠는잘지내시고?
Ayos lang ba siya?

아빠랑살래? 엄마랑살래?
Kanino mo gustong tumira, sa itay o sa inay?

자녀에게
자신의편이되도록설득하는건
안.돼.요(자막)
Ang pagpilit sa anak na mamili ng papanigan
ay hindi tamang gawin.

누구랑살아도엄마아빠는
네부모고
아빠는널사랑해
Kahit kanino sa amin ka tumira o sumama,
kami pa rin ang iyong mga magulang,
at mahal kita.

사랑해
Mahal kita.

네아빠외국에
돈벌러갔어
Nag-abroad ang iyong itay
para maghanapbuhay.

자녀와상대부모의
관계를단절시키는말을하는건
안.돼.요(자막)
Hindi dapat magsabi ng
bagay na makasasama
sa relasyon ng bata sa isa pang magulang.

엄마랑아빠는
이제같이살지않기로했어
Ang inay at itay ay nagkasundong
hindi na magsama.

하지만여전히엄마랑아빠는널사랑해
Pero mahal ka pa rin namin.

정말로사랑해
Mahal na mahal ka namin.

사랑해
Mahal ka namin.

자, 이제우리아이의양육계획을
부모가함께세워볼까요?
양육협의를할때중요한점은
Ngayon, bumuo tayo ng plano sa pagpapalaki
ng anak. Isaalang-alang na ang pag-uusap
sa ganitong bagay ay dapat batay sa

부모의편의나욕심이아닌
자녀의행복과이익이우선되어야한다는점입니다.
pinakamabuting kapakanan ng bata,
at hindi sa kapakanan ng mga magulang.

그리고, 우리민법이
규정하고있는
세가지구체적사항은
자녀의동의에부합하는
양육자와친권자의결정,
접교섭방법의결정,
양육비지급에관한
사항입니다.
At ang tatlong partikular na salik na
nakasaad sa ating Batas Sibil
ay ang desisyon ukol sa
kustodiya sa anak,
sa pamamaraan at
kundisyon sa pagbisita,
at desisyon sa
pagbibigay sustento sa anak.

39:29
면접교섭및양육시간분담(자막)
Bahaginan ng kustodiya at pag-aalaga sa anak

엄마는외국에공부하러갔어
Umalis ang iyong ina para mag-aral.

상대부모와자녀를
단절시켜서는안됩니다
Hindi dapat putulin ang relasyon
ng anak sa isa pang magulang.

토요일2시에매주만나기로, 집에서.
Kailangan magkita tayo sa bahay ko
tuwing 2 p.m. ng Sabado.

정기적으로만날수있는
시간, 장소, 방법에대해구체적으로
논의하세요
Dapat mong ipaliwanag
nang maigi ang detalye
kung saan, kailan, at paano kayo magkikita.

우리는이렇게정했어,
어때?
Napagdesisyunan namin ito.
Ano sa palagay mo?

양육비지급
Sustento sa anak

양육비왜줘!
누구좋으라고
Bakit kailangan kong magbigay ng suporta?
Alam ko kung sino ang gagastos niyan.

양육비는자녀를
위한것입니다.
Ang suporta sa anak
ay para sa kanyang kapakanan.

양육비
안주는데
왜아빠를만나?
Bakit mo kailangang makita ang iyong ama
kung hindi naman siya
nagbibigay ng suporta?

슬퍼
Malungkot

양육비를지불하지
않는다고해서
자녀와의접촉을
막지마세요
Hindi mo dapat ipagkait sa iyong anak
ang makita ang isa pa niyang magulang
dahil lamang
hindi ito nagbibigay ng suporta.

합의한양육비는정기적방식으로
지불하도록노력해야합니다.
Ang napagkasunduang suporta
ay dapat maibigay nang regular.

매달 30일 50만원씩여기까지자막만있음
50 milyong won tuwing katapusan ng buwan.

이혼하면더이상부부는아니지만
여전히우리는부모입니다.
Sa diborsiyo, bagamat hindi na kayo mag-asawa,
dapat pa rin kayong manatiling mga magulang.

이혼후가정이깨지는것이아니라,
자녀를중심으로협력적양육관계를맺는
새로운형태의가족이되는것입니다. 감사합니다.
Ang isang pamilya ay hindi nasisira sa diborsiyo,
bagkus ay nagiging bagong anyo ng pamilyang
nakasentro sa mga anak. Salamat.

본영상은
부모와자녀들의상황에따라서
구체적내용이다를수있습니다.
Ang palabas na ito ay hindi laging naaangkop
at depende sa sitwasyon sa pagitan ng mga
magulang at kanilang mga anak.

‘부모’라는이름을지켜내시려는
분들께응원을보내며

어려움에부딪힐땐
전문가의도움을받아보실것을권합니다.(자막)
Pag-asa namin ang lahat ng mga magulang na
nagsusumikap na maging tunay na “magulang”.
Maghanap po kayo ng tulong propesyonal
kung makakatagpo kayo ng mahirap na sitwasyon.

주관
Inisponsor ng

대한민국법원대법원
Kataas-taasang Hukuman ng Republika ng Korea

기획법원
부모교육공동연구회
Eksekyutib Produser:
*Joint Research Association, Court Parent Education*

자문대한소아청소년정신의학회
Konsultasyon: *Korean Academy*
*of Child and Adolescent Psychiatry*

도움주신분
성덕규상담위원(소아정신과의사)
이숙영상담위원(아동상담가)
강은숙상담위원(아동상담가)
Suporta mula kina:
Dr. Sung Duk-Kyu, Tagapayo *(M.D., Child Psychiatry)*
Lee Sook-Young, Tagapayo *(Child Counselor)*
Kang Eun-Sook, Tagapayo *(Child Counselor)*

[용인시건강가정지원센터]
이미숙
서계원
[Sentrong Pangkalusugan at Pampamilya ng Yongin]
Lee Mi-suk
SeoKye-Won

캘리그래피미술가홍지윤
Sining kaligrapiya:   Hong Ji-Yun

제작박앤박미디어
Prinodus ng: *Park and Park media*

법원부모교육
공동연구회
*Joint Research Association,*
*Court Parent Education*

대한소아청소년
정신의학회
*Korean Academy*
*of Child and Adolescent Psychiatry*

성덕규
Dr. Sung Duk-Kyu